



# KARANASAN AT PANANAW NG MGA NON-FILIPINO SPEAKER SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO: BATAYAN SA PAGBUO NG KAGAMITANG PAMPAGKATUTO

Maricon B. Rivas<sup>1</sup>, Medelyn M. Montenegro<sup>2</sup>

<sup>1</sup>Buenavista National High School, Buenavista, Tandag City, Surigao del Sur

<sup>2</sup>North Eastern Mindanao State University, Rosario, Tandag City, Surigao del Sur

Article DOI: <https://doi.org/10.36713/epra30656>

DOI No: 10.36713/epra30656

## ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral na masuri ang karanasan at pananaw ng mga non-Filipino speaker sa pagkatuto at paggamit ng wikang Filipino gayundin ang makabuo ng angkop na kagamitang pampagkatuto. Ang mga impormante sa pag-aaral na ito ay binubuo ng labing-anim (16) na mag-aaral mula sa Junior High School ng Saint Theresa College of Tandag, Inc. Mula sa bawat baitang, may tig-apat (4) na mag-aaral na napiling lumahok bilang impormante sa pamamagitan ng purposive sampling. Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng In-depth Interview (IDI) at Focus Group Discussion (FGD) at sinuri gamit ang tematikong pagsusuri. Natuklasan na ang pagkatuto sa wikang Filipino ng mga non-Filipino speaker ay nahahadlangan ng limitadong bokabularyo, kahinaan sa balarila at kakulangan sa praktikal na paggamit ng wika. Sa emosyonal na aspeto, nakararanas sila ng kaba, takot at iba pang damdaming nakaapekto sa kanilang pagkatuto. Dahil dito, naapektuhan ang kanilang pag-unawa at akademikong pagganap. Gayunpaman, positibo ang kanilang pananaw sa wikang Filipino bilang mahalagang midyum ng komunikasyon at pakikisalamuha. Bukod dito, gumagamit sila ng iba't ibang estratehiya tulad ng Taglish, pagsasaling-wika at teknolohiya upang mapadali ang kanilang pagkatuto. Batay sa mga natuklasan, nabuo ang isang kontekstuwalisado, interaktibo, bilingguwal at nakasentro sa mag-aaral na e-modyul na pinamagatang "Filipino Bridge: Interaktibong Pagkatuto sa Wikang Filipino para sa mga Non-Filipino Speaker." Ang e-modyul na ito ay idinisenyo upang matugunan ang mga pangangailangan, karanasan at hamon na nararanasan ng mga impormante sa pagkatuto ng wikang Filipino. Nagtataglay ito ng mga gawaing nagpapalawak ng talasalitaan, nagpapalakas ng kasanayang panggramatika at nagpapalawak ng oportunidad sa makabuluhang paggamit ng wika sa tunay na sitwasyon. Inaasahang makatutulong ito sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa wikang Filipino at sa pagbawas ng mga hadlang sa pagkatuto ng wika.

**MGA SUSING SALITA:** Non-Filipino speaker, Wikang Filipino, Karanasan sa Pagkatuto, Pananaw sa Wikang Filipino at Kagamitang Pampagkatuto

## INTRODUKSYON

Ang pag-aaral ng wikang Filipino sa panahon ng globalisasyon ay nagiging mahalagang bahagi ng komunikasyon at edukasyon, hindi lamang para sa mga katutubong tagapagsalita kundi maging para sa mga *non-Filipino speaker*. Sa kasalukuyang kalagayan, lumalawak ang gamit ng wikang Filipino bilang midyum ng interaksyon sa iba't ibang konteksto, kaya't nagkakaroon ang mga dayuhan at hindi katutubong tagapagsalita ng sari-sariling karanasan at pananaw sa pagkatuto nito. Ang ganitong sitwasyon ay nagpapakita ng lumalawak na papel ng wikang Filipino sa pandaigdigang komunikasyon.

Ipinunto ni Garcia at Li (2021), na ang pagkatuto ng isang wika ay hindi lamang teknikal na proseso kundi nakaugat din sa konteksto, kultura at identidad ng mga gumagamit nito. Kaugnay nito, binigyang-diin naman nina Molina at Sato (2021), na ang mga *non-Filipino speaker* ay madalas nahaharap sa mga hadlang pangwika at sosyokultural na lubos na nakaapekto sa kanilang motibasyon at kahusayan sa pagkatuto. Samakatuwid, mahalagang unawain ang kanilang partikular na sitwasyon upang

mas maunawaan ang kabuuang proseso ng kanilang pagkatuto. Dagdag pa rito, isinaad ni Aguinaldo (2022), na mahalaga ang pagkilala sa karanasan ng mga hindi katutubong tagapagsalita o *non-Filipino speaker* upang makabuo ng mas epektibong pedagogiya at kagamitang pampagkatuto.

Gayunpaman, sa Pilipinas ay nananatiling limitado ang mga akademikong pag-aaral na nakatuon sa aktuwal na karanasan at pananaw ng mga *non-Filipino speaker* sa paggamit ng wikang Filipino. Kakaunti lamang ang tumatalakay kung paano nila nauunawaan, ginagamit at hinaharap ang Filipino bilang wika ng komunikasyon at integrasyon sa akademiko at pang-araw-araw na konteksto. Dahil dito, may malinaw na gap sa pananaliksik hinggil sa kakulangan ng komprehensibong pag-unawa sa kanilang karanasan at pananaw bilang mga mag-aaral ng wikang Filipino.

Sa ganitong pananaw, layunin ng pag-aaral na masuri ang karanasan at pananaw ng mga *non-Filipino speaker* sa paggamit ng wikang Filipino. Mula rito, inaasahang matutukoy ang mga hadlang, emosyon, pananaw, epekto, estratehiya at



persepsyon na kanilang nararanasan sa proseso ng pagkatuto sa wikang Filipino. Sa pamamagitan nito, inaasahan ding makabubuo ng batayan para sa pagdidisenyo ng angkop na kagamitang pampagkatuto na tutugon sa kanilang pangangailangan, antas ng kasanayan at karanasan. Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay mahalaga hindi lamang sa pagpapalawak ng literatura tungkol sa pagkatuto ng wikang Filipino bilang pangalawang wika, kundi maging sa pagpapalakas ng inklusibong edukasyon.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang karanasan at pananaw ng mga *non-Filipino speaker* sa paggamit ng wikang Filipino gayundin ang pagtukoy sa kung anong kagamitang pampagkatuto ang maaaring mabuo upang mas epektibong matulungan sa kanilang pag-aaral ng wikang Filipino.

Tinitiyak ng pag-aaral na ito na matugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang karanasan at pananaw ng mga *non-Filipino speaker* sa paggamit ng wikang Filipino batay sa sumusunod na aspekto:
  - 1.1 hadlang sa pag-unawa at pagpapahayag;
  - 1.2 emosyonal na karanasan sa paggamit ng wikang Filipino;
  - 1.3 pananaw sa kahalagahan ng wikang Filipino;
  - 1.4 epekto sa akademikong pagganap; at
  - 1.5 estratehiya at pag-angkop sa pagkatuto;
2. Anong mabubuong kagamitang pampagkatuto batay sa kinalabasan ng pag-aaral?

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong disenyo na penomenohikal (phenomenological research design). Ang disenyo na ito ay angkop, sapagkat layunin nitong mailarawan at maunawaan ang karanasan at pananaw ng mga respondente hinggil sa isang partikular na penomena, sa kasong ito ay ang karanasan ng mga *non-Filipino speaker* sa paggamit ng wikang Filipino. Alinsunod kay Creswell (2021), ang penomenohikal na disenyo ay isang uri ng kwalitatibong pananaliksik na nakatuon sa paglalarawan ng karaniwang karanasan ng mga indibidwal upang maunawaan ang kahulugan ng isang penomena batay sa kanilang pananaw. Ibig sabihin, hindi lamang nito tinitingnan ang mismong pangyayari kundi kung paano ito nararanasan at binibigyang-kahulugan ng mga taong sangkot. Ang penomenohikal na disenyo ay ginamit sa pag-aaral na ito upang masuri at maunawaan nang mas malalim ang karanasan, pananaw at kahulugan na ibinibigay ng mga *non-Filipino speaker* sa kanilang pagkatuto at pakikilahok sa loob ng klase.

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Saint Theresa College of Tandag, Inc., na matatagpuan sa Dagocdoc, Tandag City, Surigao del Sur. Ang pagpili sa paaralang ito ay nakaangkla sa personal na obserbasyon ng mananaliksik sa loob ng silid-aralan. Bukod dito, inaasahan na ang paaralang ito ay makapagbibigay ng sapat at makabuluhang impormasyon na kinakailangan para sa isinagawang pananaliksik.

Ang mga impormante sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral mula sa Saint Theresa College of Tandag, Inc. Binubuo ito ng labing-anim (16) na impormante. Mula sa bawat baitang sa Junior High School, may tig-apat (4) na mag-aaral na napili bilang impormante.

Ang pangunahing instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito ay ang gabay na talatanungan, sapagkat ito ay angkop sa kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na nakatuon sa masusing pag-unawa sa mga karanasan at pananaw ng mga *non-Filipino speaker* sa paggamit ng wikang Filipino. Pinili ito bilang instrumento, sapagkat nagbibigay ito ng malawak na pagkakataon sa mga impormante na mailahad ang kanilang mga saloobin, karanasan, damdamin at interpretasyon batay sa kanilang sariling perspektiba at aktwal na karanasan sa paggamit ng wikang Filipino. Kaugnay nito, ipinunto ni Creswell (2022), na ang panayam ay isang mahalagang kasangkapan sa kwalitatibong pananaliksik. Sapagkat pinahihintulutan nito ang mananaliksik na makakuha ng malalim, detalyado at makabuluhang datos mula sa mga impormante sa isang natural at kontekstuwalisadong paraan.

Matapos makalap ang lahat ng datos mula sa isinagawang *In-depth Interview (IDI) at Focus Group Discussion (FGD)*, sinimulan ng mananaliksik ang masusing pagsusuri ng datos gamit ang tematikong pagsusuri (*thematic analysis*). Ang pamamaraang ito ay pinili, sapagkat nagbibigay ito ng sistematiko at organisadong paraan upang matukoy ang pangunahing tema mula sa mga salaysay ng mga impormante. Alinsunod kina Braun at Clarke (2021), ang *thematic analysis* ay epektibong pamamaraan dahil pinahihintulutan nitong tukuyin at bigyang-kahulugan ang mga paulit-ulit na ideya at kahulugan na lumilitaw sa datos.

## RESULTA AT DISKUSYON

Batay sa masusing pagsusuri ng mga nakalap na datos, lumitaw na ang pagkatuto ng wikang Filipino ng mga *non-Filipino speaker* ay nahaharap sa magkakaugnay na hamon na sumasaklaw sa lingguwistiko, emosyonal, akademiko at sosyokultural na dimensyon. Kaugnay ng hadlang sa pag-unawa at pagpapahayag, natuklasan na ang kakulangan sa praktikal na paggamit ng wikang Filipino ang pangunahing ugat ng limitadong bokabularyo at kahinaan sa balarila. Dahil sa kakulangan ng karanasan at aktwal na paggamit, nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagproseso ng impormasyon at sa pagbuo ng malinaw na pahayag.

Samantala, sa aspeto naman ng emosyonal na karanasan, napatunayan na ang pagkabalisa, takot, kaba at kawalan ng kumpiyansa ay malaki ang epekto sa kanilang kakayahang makipagkomunikasyon. Ang takot na magkamali sa gramatika at bokabularyo ay nagdudulot ng pag-iwas sa pakikilahok, na lalo pang nagpapahina sa kanilang kasanayan sa wika. Ang mga emosyonal na hadlang na ito ay nagiging siklo na patuloy na humahadlang sa kanilang pag-unlad.

Gayunman, sa pananaw sa kahalagahan ng wikang Filipino, bagama't nahihirapan ang mga respondente sa paggamit nito, kinikilala pa rin nila ang Filipino bilang mahalagang midyum ng komunikasyon, bahagi ng kanilang identidad at mahalagang kasangkapan sa akademikong pagkatuto. Ipinapakita



nito na may positibong disposisyon ang mga mag-aaral sa wika sa kabila ng kanilang limitasyon.

Kaugnay nito, ang epekto sa akademikong pagganap, malinaw na ang hadlang sa wika ay direktang nakaapekto sa pag-unawa ng aralin, pagsasagawa ng mga gawain at marka ng mga mag-aaral. Ang hindi agarang pag-unawa sa Filipino ay nagresulta sa mabagal na pagkatuto, pagkakamali sa pagsusulit at limitadong partisipasyon sa klase.

Sa kabilang banda, sa estratehiya at pag-angkop sa pagkatuto, natuklasan na ang mga mag-aaral ay aktibong naghahanap ng paraan upang mapadali ang kanilang pagkatuto. Kabilang dito ang paggamit ng Taglish bilang tulay sa pag-unawa, paghingi ng tulong sa guro at kaklase, paggamit ng teknolohiya tulad ng translation apps at sariling pag-aaral. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay may kakayahang umangkop at magpatupad ng sariling estratehiya upang malampasan ang kanilang mga hamon.

Bilang tugon, binuo ng mananaliksik ang isang e-modyul na may pamagat na “Filipino Bridge: Interaktibong Pagkatuto ng Wikang Filipino para sa mga Non-Filipino Speaker,” na nilikha gamit ang digital tool na Nearpod. Sa pamamagitan ng Nearpod application, nagiging mas interaktibo, dinamiko at learner-centered ang proseso ng pagkatuto, kung saan mas napapalakas ang kanilang kasanayan sa wika, kumpiyansa sa pagsasalita at kakayahang gamitin ang Filipino sa tunay na sitwasyong komunikatibo.

Ang ganitong uri ng kagamitang pampagkatuto ay inaasahang magpapataas ng kalidad ng edukasyon, dahil ito ay tumutugon sa pangangailangan, antas at karanasan ng mga mag-aaral. Kaya nagiging mas makabuluhan, mas epektibo at mas pangmatagalan ang pagkatuto.

## NABUONG KAGAMITANG PAMPAGKATUTO

Bilang tugon, binuo ng mananaliksik ang isang e-modyul na may pamagat na “*Filipino Bridge: Interaktibong Pagkatuto ng Wikang Filipino para sa mga Non-Filipino Speaker*,” na nilikha gamit ang digital tool na Nearpod. Sa pamamagitan ng Nearpod application, nagiging mas interaktibo, dinamiko at learner-centered ang proseso ng pagkatuto, kung saan mas napapalakas ang kanilang kasanayan sa wika, kumpiyansa sa pagsasalita at kakayahang gamitin ang Filipino sa tunay na sitwasyong komunikatibo.

Ang ganitong disenyo ay naaayon sa pananaw ni Mayer (2021), sa Cognitive Theory of Multimedia Learning, na nagsaad na mas epektibo ang pagkatuto kapag ang impormasyon ay naihatid sa pamamagitan ng interaktibo at multimodal na paraan, dahil napapahusay nito ang pag-unawa at retention ng kaalaman. Dagdag pa rito, sinuportahan ito ng teorya ni Clark at Mayer (2022), na nagsabing ang paggamit ng e-learning tools ay makatutulong sa aktibong pagkatuto at nagpapataas ng engagement ng mga mag-aaral, lalo na sa mga kontekstong nangangailangan ng praktikal na aplikasyon ng wika.

Sa pagbuo ng e-modyul na ito, pinagbatayan ng mananaliksik ang mga natuklasan at mahahalagang datos na lumitaw mula sa isinagawang pag-aaral. Ang nilalaman, mga gawain, estratehiya at kagamitang pampagkatuto na nakapaloob

dito ay nakabatay sa mga pangangailangan, karanasan at hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagkatuto at paggamit ng Wikang Filipino. Maaari itong magamit sa dalawang anyo—digital at nakalimbag (printed), upang maging mas madali at mas malawak ang akses ng mga mag-aaral.

Sa pamamagitan nito, inaasahang mapauunlad ang kanilang kasanayan sa pag-unawa at paggamit ng Filipino, mapalalakas ang kanilang kumpiyansa sa pakikipagtalastasan at mabigyan sila ng mga makabuluhang karanasan sa pagkatuto na maaaring mailapat sa kanilang pang-araw-araw na buhay at gawaing akademiko.

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Mula sa mga natuklasan, mahihinuhang ang pagkatuto ng wikang Filipino ng mga *non-Filipino speaker* ay isang masalimuot na proseso na hinuhubog ng ugnayan ng kakulangan sa praktikal na paggamit, emosyonal na hadlang at limitadong kasanayang lingguwistiko. Ang kakulangan sa aktwal na paggamit ng wika ay nagiging pangunahing sanhi ng limitadong bokabularyo at kahinaan sa balarila, na siya namang nagdudulot ng kahirapan sa pag-unawa at pagpapahayag.

Dagdag pa rito, ang mga negatibong emosyon tulad ng kaba at takot ay hindi lamang simpleng reaksyon kundi isang makabuluhang salik na direktang nakaapekto sa kumpiyansa at partisipasyon ng mga mag-aaral. Dahil dito, mas pinipili nilang umiwas sa paggamit ng Filipino, na lalo pang nagpapalalim sa kanilang kakulangan sa kasanayan.

Gayunpaman, sa kabila ng mga hamon, kinikilala ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng wikang Filipino bilang instrumento ng komunikasyon, identidad at akademikong pagkatuto. Ipinapakita nito na may positibong pananaw ang mga mag-aaral na maaaring magsilbing pundasyon sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa wika.

Samakatuwid, ang pagkatuto ng wikang Filipino ay hindi lamang nakasalalay sa pormal na pagtuturo, kundi sa pagkakaroon ng sapat na pagkakataon sa paggamit ng wika, suportadong kapaligiran at angkop na estratehiya sa pagkatuto. Ang integrasyon ng mga aspektong ito ay mahalaga upang mapabuti ang akademikong pagganap at komunikatibong kakayahang ng mga mag-aaral.

Batay sa mga natuklasan at konklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ang mga sumusunod upang higit na mapabuti ang pagkatuto ng wikang Filipino ng mga *non-Filipino speaker*.

Para sa paaralan at administrasyon, mahalagang suportahan ang pagpapatupad ng mga programang gumagamit ng bilingguwal na lapit sa pagtuturo at integrasyon ng mga makabagong kagamitang digital upang mas mapadali ang pag-unawa at mapaigting ang partisipasyon ng mga mag-aaral. Dapat ding tiyakin ang pagkakaroon ng isang ligtas, inklusibo at suportadong kapaligirang pampagkatuto na naghahikayat ng aktibong paggamit ng wikang Filipino nang walang takot sa pagkakamali.

Para sa mga guro sa Filipino, inirerekomenda ang paggamit ng kontekstwal at interaktibong paraan sa pagpapalawak ng bokabularyo, gayundin ang hakbang-hakbang o *scaffolded* na pagtuturo ng balarila upang hindi mabigla ang mga



mag-aaral sa komplikasyon ng wika. Mahalaga rin ang pagbibigay ng positibo at konstruktibong *feedback*, gayundin ang pagsasagawa ng mga kolaboratibo at makabuluhang gawain tulad ng *role play*, talakayan, at *real-life communication tasks* upang mapalakas ang aktwal na paggamit ng wika.

Para sa mga mag-aaral, hinihikayat ang aktibong pakikilahok sa mga gawain sa klase, patuloy na pagsasanay at paggamit ng mga estratehiya tulad ng pagtatala ng talasalitaan at *self-directed learning* upang mapalawak ang kaalaman at kumpiyansa sa paggamit ng Filipino. Mahalaga rin ang pagyakap sa mga pagkakamali bilang bahagi ng pagkatuto upang mas mapaunlad ang kasanayan sa komunikasyon.

Samantala, para sa mga mananaliksik sa hinaharap, inirerekomenda ang pagpapatuloy ng pag-aaral na nakatuon sa paglinang ng mga epektibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa mga *non-Filipino speaker*, lalo na sa paggamit ng teknolohiya at interaktibong plataporma, upang higit pang mapalawak ang kaalaman at mapahusay ang mga umiiral na kagamitang pampagkatuto sa wika.

## MGA SANGGUNIAN

1. Aguinaldo, J. (2022). *Pagkilala sa karanasan ng mga hindi katutubong tagapagsalita sa pagkatuto ng wika*.
2. Apollonio, R., et al. (2022). *Mother tongue-based instruction and learner participation in early education*.
3. Baker, C. (2021). *Foundations of bilingual education and bilingualism (6th ed.)*. Multilingual Matters.
4. Bandura, A. (1977). *Social learning theory*. Prentice Hall.
5. Bernardo, A. B. I., & Gaerlan, M. (2022). *Language policy and multilingual education in the Philippines*.
6. Bisai, S. (2024). *Translation strategies in second language classrooms*.
7. Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology*, 3(2), 77–101. <https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa>
8. Braun, V., & Clarke, V. (2021). *Thematic analysis: A practical guide*. SAGE Publications.
9. Candoyas, J., et al. (2024). *Cultural context and Filipino language learning among youth*.
10. Creswell, J. W. (2013). *Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (3rd ed.)*. SAGE Publications.
11. Creswell, J. W. (2018). *Educational research: Planning, conducting, and evaluating quantitative and qualitative research (6th ed.)*. Pearson.
12. Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2021). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (5th ed.)*. SAGE Publications.
13. Cummins, J. (2021). *Rethinking the education of multilingual learners: A critical analysis of theory and practice*. Multilingual Matters.
14. Cummins, J. (2023). *Bilingual education and academic language development*.
15. Cummins, J., et al. (2021). *Language proficiency and academic achievement in multilingual education*. *Journal of Language, Identity, and Education*, 20(3), 150–165.
16. Department of Education. (2009). *DepEd Order No. 74, s. 2009: Institutionalizing mother tongue-based multilingual education (MTB-MLE)*. <https://www.deped.gov.ph>
17. Department of Education. (2012). *DepEd Order No. 16, s. 2012: Guidelines on the implementation of mother tongue-based multilingual education*. <https://www.deped.gov.ph>
18. Department of Education. (2021). *Policy guidelines on the implementation of the mother tongue-based multilingual education (MTB-MLE)*. *DepEd Order No. 16, s. 2021*.
19. Delos Santos, M., & Villanueva, R. (2022). *Use of instructional materials in language learning*.
20. Diestro, P. (2023). *Integrating Filipino in science instruction: A contextual approach*.
21. Dörnyei, Z. (2022). *Motivation in second language learning*. Routledge.
22. Dörnyei, Z., & Ryan, S. (2021). *The psychology of the language learner*.
23. Ellis, R. (2021). *Understanding second language acquisition*. Oxford University Press.
24. Flores, M., & Mendoza, R. (2022). *Language and identity formation in multilingual contexts*. *Journal of Language, Identity & Education*, 21(3), 145–160.
25. García, O., & Wei, L. (2022). *Translanguaging: Language, bilingualism and education (2nd ed.)*. Palgrave Macmillan.
26. García, R., & Dizon, J. (2021). *Local language use and communicative competence in classroom interaction*. *Asian Journal of Education and Linguistics*, 4(2), 55–68.
27. García, J., & Wei, L. (2022). *Classroom interaction and multilingual learning outcomes*. *International Journal of Bilingual Education and Bilingualism*, 25(4), 389–405.
28. Gkonou, C. (2022). *Emotions and language learning: Theory, research, and practice*. *Studies in Second Language Learning and Teaching*, 12(1), 1–18.
29. He Yang, & Wu, X. (2022). *Motivation and complexity in second language learning*.
30. Horwitz, E. K. (2021). *Language anxiety and achievement*. *Annual Review of Applied Linguistics*, 41, 15–28.
31. Igarashi, Y. (2024). *Literacy development in multilingual education*.
32. Krashen, S. (2024). *Principles and practice in second language acquisition*.
33. Lacdao, M. (2021). *Content and language integration in classroom instruction*.
34. MacIntyre, P., et al. (2021). *Willingness to communicate in a second language*.
35. Mangila, R. (2021). *Pedagogical translanguaging in Philippine classrooms*.
36. Marshall, C., & Rossman, G. B. (2022). *Designing qualitative research (7th ed.)*. SAGE Publications.
37. Mayer, R. E. (2021). *Multimedia learning (3rd ed.)*. Cambridge University Press.
38. Mayer, R. E. (2022). *Multimedia principles in instructional design*. *Educational Psychology Review*, 34(2), 215–230.
39. Mercer, S. (2021). *Psychology for language learning: Insights from emotions research*. *Language Teaching*, 54(2), 123–135.
40. Merriam, S. B., & Tisdell, E. J. (2016). *Qualitative research: A guide to design and implementation (4th ed.)*. Jossey-Bass.
41. Molina, A., & Sato, Y. (2021). *Barriers in second language acquisition among non-native speakers*.



42. Moustakas, C. (1994). *Phenomenological research methods*. SAGE Publications.
43. Nation, I. S. P. (2022). *Learning vocabulary in another language*. Cambridge University Press.
44. Nunan, D. (2023). *Task-based language teaching*. Cambridge University Press.
45. Ortega, L. (2023). *Understanding second language acquisition*.
46. Oxford, R. (2021). *Language learning strategies and motivation*.
47. Patton, M. Q. (2015). *Qualitative research & evaluation methods (4th ed.)*. SAGE Publications.
48. Ramos, L. (2021). *Structured approaches in Filipino language teaching*.
49. Reinders, H. (2022). *Digital technology and language learning: A learner-centered approach*. *Language Teaching Research*, 26(4), 501–520.
50. Richards, J. C. (2022). *Curriculum development in language teaching*.
51. Saldaña, J. (2021). *The coding manual for qualitative researchers (4th ed.)*. SAGE Publications.
52. Serrano, L. (2022). *Instructional design in language education*.
53. Swain, M. (2022). *Communicative language teaching and output hypothesis*.
54. Thomas, M. (2021). *Digital education and language learning in the 21st century*. Routledge.
55. Tomlinson, B. (2021). *Materials development in language teaching*.
56. Tomas, R., et al. (2023). *Language barriers among multilingual learners in the Philippines*.
57. Tupas, R. (2022). *Language policy and education in the Philippines*.
58. UNESCO. (2022). *Global education monitoring report: Language and learning in multilingual contexts*. UNESCO Publishing.
59. Villanueva, J., & Gamiao, M. (2022). *Mother tongue-based multilingual education challenges*.
60. Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press.
61. Wu, Y., et al. (2024). *Motivation and pragmatic competence in L2 learning*.
62. Yap, K., & Ching, R. (2021). *Culturally responsive teaching and language learning outcomes*.
63. Zhang, L., et al. (2024). *Emotion, motivation, and pragmatics in second language learning*.
64. Zimmerman, B. J. (2021). *Self-regulated learning and academic achievement: An overview*. *Educational Psychologist*, 56(3), 145–158.